# Paunawa sa Publiko

Ang pagboto sa aming opisina para sa Espesyal na Eleksyon sa Ika-4 ng Nobyembre, 2025, ay magsisimula sa Lunes, Ika-6 ng Oktubre sa Tagapagrehistro ng mga Botante sa County ng San Diego na matatagpuan sa 5600 Overland Avenue, Suite 100, San Diego, CA, 92123 sa County Operations Center campus sa Kearny Mesa.

- Ang opisina ng Tagapagrehistro ay magbubukas para sa pagboto mula Lunes hanggang Biyernes, ika-8 ng umaga hanggang ika-5 ng hapon.
- Simula Sabado, Ika-25 ng Oktubre ang opisina ng Tagapagrehistro at piling mga vote center sa buong county ay magbubukas araw-araw para sa pagboto mula ika-8 ng umaga hanggang ika-5 ng hapon.
- Simula Sabado, Ika-1 ng Nobyembre, ang lahat ng mga vote center (kabilang ang opisina ng Tagapagrehistro) ay magbubukas araw-araw para sa pagboto mula ika-8 ng umaga hanggang ika-5 ng hapon.
- Sa pinal na araw ng pagboto, Martes, Ika-4 ng Nobyembre, ang lahat nang mga ballot drop box, mga vote center, at ang opisina ng Tagapagrehistro ay muling magbubukas. Ang mga oras ng pagboto ay magbago sa ika-7 ng umaga hanggang ika-8 ng gabi.

Pagsusuri sa Lohika at Ganap na Kawastuhan ng Sistema ng Pagboto:

- Inaasahang magsisimula sa Ika-23 ng Setyembre mula ika-9:30 ng umaga hanggang ika-4:30 ng hapon araw-araw o hanggang sa makumpleto.

Pagproseso ng mga Balotang Pangkoreo:

- Inaasahang magsisimula ang pagbeberipika ng mga pirma sa mga sobreng pagbabalikan sa Ika-9 ng Oktubre.
- Inaasahang magsisimula ang pagbubukas at paghahanda para sa tabulasyon ng mga pangkoreong balota sa Ika-13 ng Oktubre.
- Inaasahang magsisimula ang pag-scan ng balota sa Ika-24 ng Oktubre.
- Inaasahang magsisimula ang adyudikasyon ng balota sa Ika-27 ng Oktubre.

Ang mga resulta ng botohan ay ipo-post sa sumusunod na iskedyul:

- Pagkatapos ng ika-8 ng gabi, Martes, Ika-4 ng Nobyembre (matapos magsara ang mga vote center, ang pana-panahong pag-update ng mga resulta ay magpapatuloy sa buong gabi hanggang sa mai-report ang lahat ng mga balota ng mga vote center).
- Pagkatapos ng gabi ng eleksyon, ang susunod na pag-update sa mga hindi opisyal na resulta ay ipo-post ayon sa sumusunod na iskedyul:
  - Pagsapit ng ika-6 ng gabi, Huwebes, Ika-6 ng Nobyembre hanggang Biyernes Ika-7 ng Nobyembre.
  - Pagsapit ng ika-6 ng gabi, Lunes, Ika-10 ng Nobyembre.
  - Pakitandaan, ang mga karagdagang update ay isasagawa ayon sa pagpapasya ng Tagapagrehistro ng mga Botante kung saan ang petsa ng susunod na pagpo-post ay malinaw na ipinapaskil sa sdvote.com sa hindi opisyal na resulta na bulletin.

Ang lahat ng mga resulta ay hindi opisyal hanggang sa makumpleto ang opisyal na pagbilang (canvass) ng eleksyon sa o bago mag Ika-2 ng Disyembre.

Ang opisina ng Tagapagrehistro ay magsasara sa Ika-11, Ika-27, at Ika-28 ng Nobyembre bilang pag-obserba sa mga holiday ng county.

Pinapayagan ang pampublikong obserbasyon sa alinman sa mga proseso na inilarawan sa itaas. Kung kayo ay mayroong organisadong grupo ng mga boluntaryo at nais i-coordinate ang mga aktibidad ng inyong grupo para mag-obserba, kontakin kami sa 858-565-5800.